

ANO ANG ESPESYAL NA EDUKASYON?

Kapag nakatanggap ang isang bata ng espesyal na edukasyon, nangangahulugan ito na nagbibigay ang pampublikong paaralan ng mga iniakmang serbisyo at tagubilin para sa mga pangangailangan ng naturang estudyante. Available ang espesyal na edukasyon dahil sa pederal na batas na tinatawag na Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na May Kapansanan (Individuals with Disabilities Education Act, IDEA), na nagbibigay karapatan sa mga estudyanteng may kapansanan at kanilang mga magulang upang makatanggap ng mga pagkakataong matuto ayon sa kanilang indibidwal na pangangailangan.

Ang Espesyal na Edukasyon ay isang serbisyo, hindi isang lugar.

PROSESO NG ESPESYAL NA EDUKASYON:


Paano makakatulong sa anak mo ang mga serbisyo ng espesyal na edukasyon?



- Kung karapat-dapat ang anak mo para sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon, magkaka-access ang anak mo sa mga serbisyo at suporta na espesyal na idinisenyo upang matugunan ang mga natatanging pangangailangan ng iyong anak.
- Nagbibigay ang mga serbisyo ng espesyal na edukasyon ng mga programang iniakma sa indibidwal na pangangailangan nang LIBRE at maaaring maaaring kabilang dito ang mga guro at provider ng serbisyo ng espesyal na edukasyon tulad ng mga occupational therapist, physical therapist, pathologist sa speech-language, at mga provider ng pagtuturo ng dyslexia.

May karapatan ang mga magulang na humiling ng pagsusuri sa espesyal na edukasyon anumang oras. Kinakailangang i-refer ng mga paaralan ang isang estudyante para sa isang pagsusuri kapag pinaghihinalaan itong may kapansanan na maaaring mangailangan ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon. Mahalagang maunawaan ang mga hakbang ng **proseso ng espesyal na edukasyon**.

Mga Hakbang sa Pagsisimula ng Espesyal na Edukasyon:



Pagtanggap ng mga Serbisyo ng Espesyal na Edukasyon:



Ipatupad ang IEP

Makikita sa ibaba ang higit pang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan bilang magulang:



spedtex.org

1-855-773-3839

SPEDTEX
Special Education Information Center

Tulong sa Espesyal na Edukasyon para sa mga Magulang



Gabay ng mga Magulang sa Proseso ng ARD
bit.ly/ParentsARD



Abiso ng mga Proteksyon sa
bit.ly/ParentsNPS

Bagama't may iba pang pederal na batas na nag-aalok din ng ilang partikular na proteksyon para sa mga estudyanteng may kapansanan - gaya ng Seksyon 504 ng Rehabilitation Act of 1973 - may mga partikular na karapatan ang IDEA na magagamit lamang sa ilalim ng batas na iyon. Binubuod ng dokumentong ito ang mga karapatang iyon.

1 NAKAGAWA NA NG REFERRAL PARA SA PAGSUSURI SA ESPEYAL NA EDUKASYON.



Ang referral ay:

- ▶ Hinihingi ng batas kapag sa tingin ng isang pampublikong paaralan na ang iyong anak ay maaaring may kapansanan na nangangailangan ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon upang magtagumpay.
- ▶ Tinatawag na *kahilingan* para sa isang pagsusuri sa espesyal na edukasyon kapag isinagawa ito ng isang magulang. Dapat gawin nang nakasulat ang isang kahilingan sa wastong miyembro ng kawani. Tutugon ang paaralan sa impormasyon kung magpapatuloy ito sa isang pagsusuri.

Dapat tumugon ang paaralan sa pamamagitan ng isang sulat sa loob ng 15 araw ng pag-aaral.

2 TATANUNGIN KA KUNG PAHIHINTULUTAN MO ANG PAARALAN NA SURIIN ANG IYONG ANAK.



Ang Pahintulot sa Pagsusuri ay:

- ▶ Pahintulot na iyong ibinigay sa mga tauhan na partikular na sinanay upang suriin at tasahin ang iyong anak sa mga partikular na larangan.
- ▶ Ginagamit ng paaralan upang simulan ang timeline kung kailan dapat tapusin ng paaralan ang pagsusuri sa iyong anak.

Na may ilang eksepsyon, dapat tapusin ang pagsusuri sa loob ng 45 araw ng pag-aaral.

3 ISINASAGAWA ANG PAGSUSURI NG ISANG GRUPO NG MGA SINANAY NA PROPEYONAL.



Ang pagsusuri ay:

- ▶ Tinatawag na *Kompletong Indibidwal at Inisyal na Pagsusuri (Full Individual and Initial Evaluation, FIIE)*, na may kasamang nakasulat na ulat ng mga rekomendasyon sa edukasyon at impormasyon tungkol sa mga kalakasan, interes, at hinaharap na hamon ng iyong anak. Dapat makilahok ang mga propesyonal na may pagsasanay sa hinihinalang kapansanan, hal., tulad ng isang lisensyadong therapist ng dyslexia kung pinaghihinalaang may dyslexia.
- ▶ Libreng ginagawa para sa iyo. Kung hindi ka sang-ayon sa pagsusuri ng paaralan, maaari kang humiling ng *Malayang Pagsusuri sa Edukasyon (Independent Educational Evaluation, IEE)*. Gagawin ito ng isang taong hindi nagtatrabaho sa paaralan.

4 MAGPUPULONG ANG ADMISSION, REVIEW AND DISMISSAL (ARD) COMMITTEE UPANG TUKUYIN KUNG KWALIPIKADO ANG IYONG ANAK PARA SA MGA SERBISYO NG ESPEYAL NA EDUKASYON.

Ang ARD committee ay:

- ▶ Isang team, na kinabibilangan mo, mga guro, mga tagapangasiwa ng paaralan, mga espesyalista tungkol sa iyong anak, at mga propesyonal na may espesyal na pagsasanay sa hinihinalang kapansanan.
- ▶ Sa pagpupulong na ito, tatalakayin ang ulat ng pagsusuri sa iyong anak, tutukuyin sa mga kalakasan at pangangailangan ng iyong anak, at pagkatapos ay ang pagtukoy kung may kapansanan ang iyong anak at kung kailangan nito ang mga serbisyo ng espesyal na edukasyon.



Kapag natapos na ang pagsusuri, karaniwang may 30 araw ng kalendaryo ang komite ng ARD upang matukoy ang pagiging kwalipikado at bumuo ng IEP. Ihahatid ng paaralan ang ulat ng pagsusuri sa lalong madaling panahon, pero hindi lalampas sa limang araw ng paaralan bago ang pagpupulong ng komite ng ARD.

5

KUNG KWALIPIKADO ANG IYONG ANAK PARA SA MGA SERBISYO NG ESPESYAL NA EDUKASYON, BUBUO DIN ANG ARD COMMITTEE NG INDIVIDUALIZED EDUCATION PROGRAM (IEP).



Ang IEP ay:

- ▶ Isang koleksyon ng impormasyon na tumutukoy sa kapansanan ng iyong anak, nagpapakita ng kasalukuyang kalakasan at pangangailangan ng iyong anak, tumutukoy sa mga layuning dapat abutin, at nagpapakita ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon na kailangan upang magtagumpay ang iyong anak.
- ▶ Isang dokumento na dapat sundin ng paraalan kapag nakompleto na ang proseso sa pagbuo nito, at pumayag kang tumanggap ng mga serbisyo ang iyong anak. Magsisimula ang mga serbisyo sa lalong madaling panahon.

May karapatan kang makilahok sa pagbuo ng IEP at sumang-ayon o tumanggi sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon na tatanggapin ng anak mo.



PAG-USAD: PAGTANGGAP NG MGA SERBISYO NG ESPESYAL NA EDUKASYON

Kapag nabuo na ang isang IEP, responsibilidad ng paaralan na ipatupad ang IEP. Dapat ialok ng mga paaralan ang mga serbisyo, tulong, at suportang inilarawan sa IEP, at susubaybayan ng mga kawani ng paaralan ang pag-unlad ng iyong anak sa pagkamit ng mga layunin ng IEP.

- ▶ Makakatanggap ka ng mga ulat sa pag-unlad sa mga layunin ng IEP ng iyong anak nang hindi bababa sa isang beses bawat grading period.
- ▶ Magpupulong ang ARD committee at rerepasuhin ang IEP ng iyong anak nang hindi bababa sa isang beses bawat taon.
- ▶ Bilang kasapi ng ARD committee, tatalakayin ninyo ang pangangailangan para sa isang updated na pagsusuri nang hindi bababa sa isang beses bawat tatlong taon.
- ▶ Maaari kang humiling ng pagpupulong ng ARD committee meeting anumang oras.
- ▶ Maaari mong bawiin ang iyong pahintulot sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon. Sa madaling salita, maaari mong nakasulat na ipaalam sa paaralan na gusto mong ihinto ang pagbibigay ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon sa iyong anak.
- ▶ May mga espesyal na tuntunin para sa pagdidisiplina sa paaralan. Kung napatunayan na ang kapansanan ng iyong anak ang dahilan ng maling pag-uugali, maaaring baguhin ng ARD committee, sa ilang pagkakataon, ang parusa sa pagdidisiplina.



KUNG MAGKAROON NG HINDI PAGKAKAUNAWAAN:

Sa bawat pagpupulong ng ARD committee, ikaw ay magiging isang aktibong kalahok, na tinatalakay ang mga partikular na pangangailangan ng iyong anak sa mga kawani ng paaralan habang nagsisikap kang mapagkasunduan ang pinakamahusay na landas pasulong. Ngunit paminsan-minsan, maaaring hindi ka sang-ayon sa mga desisyon ng paaralan. Sa ilalim ng pederal na batas na IDEA, mayroon kang mga pormal na karapatan na hindi sumang-ayon sa mga desisyon ng paaralan sa espesyal na edukasyon, ito man ay sa *mga hakbang sa pagsisimula ng espesyal na edukasyon* at habang *tumatanggap ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon*. Kasama sa mga opsyon sa paglutas ng hindi pagkakaunawaan ang paghahain ng mga reklamo ng estado, paghiling ng pamamagitan, at paghiling ng angkop na proseso ng pagdinig. Available din ang mga facilitator ng estado upang tulungan ang mga ARD committee na mapagkasunduan ang mga IEP.

ANO ANG NILALAMAN NG ISANG IEP?:

Dapat tugunan ng IEP ang ilang partikular na salik para sa iyong anak, kabilang ang:



PLAAFP

- » *Mga Kasalukuyang Antas ng Nakamit sa Akademiko at Functional na Pagganap* (Present Levels of Academic Achievement and Functional Performance, **PLAAFP**): Isusulat ng ARD committee ang mga kasanayan, kakayahan, at kinakaharap na hamon ng iyong anak batay sa ulat sa pagsusuri at iba pang data.

Mga Layunin

- » Nasusukat na taunang **mga layunin**: Binubuo ang mga layunin upang pagtuonan ang mga partikular na pangangailangan ng iyong anak at upang ilarawan kung kailan inaasahang uunlad ang iyong anak.
 - Kung halimbawang may dyslexia ang iyong anak, ang isang layunin ay maaaring nakatuon sa pagpapabuti sa isang partikular na bahagi ng pag-unlad sa pagbabasa o katatasan sa loob ng isang tiyak na tagal ng panahon.

Pagtuturo & Mga Serbisyo

- » Isang paglalarawan ng **pagtuturo na espesyal na idinisenyo, mga kaugnay na serbisyo, at mga pandagdag na tulong at serbisyo** na ibibigay. Mag-iiba-iba ang pagtuturo at mga serbisyo batay sa mga partikular na pangangailangan ng iyong anak. Halimbawa, kung natukoy na may dyslexia ang iyong anak:
 - Malamang na kasama sa pagtuturo na espesyal na idinisenyo ang isang regular na nakaiskedyul na oras sa pagtuturo ng isang lubos na sinanay na provider gamit ang isang programa na napag-alamang makakatulong sa mga mag-aaral na may dyslexia at alinsunod sa [Dyslexia Handbook](#);
 - Maaaring kabilang sa mga kaugnay na serbisyo ang suporta sa pagpapabuti ng mahusay na kasanayan sa paggalaw ng iyong anak mula sa isang occupational therapist kung nahihirapan din siya sa pagsusulat; at
 - Maaaring kabilang sa mga pandagdag na tulong at serbisyo ang pagdodokumento sa pangangailangan ng iyong anak sa mga opsyon sa speech to text para sa pagsusulat ng mga takdang-aralin.

Mga Pagtatasa

- » Impormasyon kung paano lalahok ang iyong anak sa **mga pagtatasa** ng estado at buong distrito, kasama na kung kailangan ang mga tulong na tulad ng dagdag na oras.

Paglilipat

- » **Mga serbisyo sapaglilipat** : Kapag ang naging 14 na taong gulang na ang iyong anak, dapat magsimulang magdokumento ang IEP ng mga plano para sa iyong anak pagkatapos ng high school at kung paano iaakma ang mga serbisyo ng espesyal na edukasyon ng iyong anak upang gumana sa mga planong iyon.

Placement

- » Tinatala ng IEP ang edukasyonal na **placement** ng iyong anak. Ang mga pagpapasya sa placement ay ginagabayan ng isang kinakailangan upang magbigay ng edukasyon sa isang kapaligiran na may mababang antas ng paghihigpit (least restrictive environment, LRE). Layunin ng LRE na maisama ang iyong anak sa mga silid-aralan at mga setting na may mga batang walang kapansanan hangga't naaangkop batay sa mga natatanging pangangailangan ng iyong anak.

Ang form na ito ay buod ng mga karapatan, na kailangang ibigay sa mga magulang pagkatapos maisagawa ang referral. Ang iyong pirma ay nagsisilbi lamang na pagkilala na natanggap mo ang form. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan, repasuhin ang [Abiso ng mga Proteksyon sa Pamamaraan](#) at ang [Parent's Guide to the ARD Process](#).

Pangalan ng Estudyante:

Numero ng ID ng Estudyante:

Pangalan ng Magulang o Tagapag-alaga

Pirma

Petsa